# *Ang Paghuhugas ng mga Paa*

***"1 Bago nga magpista ng paskua, sa pagkaalam ni Jesus na dumating na ang kaniyang oras ng paglipat niya mula sa sanglibutang ito hanggang sa Ama, sa pagkaibig sa mga kaniya na nangasa sanglibutan, ay inibig niya sila hanggang sa katapusan. 2 At habang humahapon, nang mailagay na ng diablo sa puso ni Judas Iscariote, na anak ni Simon, ang pagkakanulo sa kaniya. 3 Si Jesus, sa pagkatalastas na ibinigay na ng Ama ang lahat ng mga bagay sa kaniyang mga kamay, at siya'y nanggaling sa Dios, at sa Dios din paroroon, 4 Ay nagtindig sa paghapon, at itinabi ang kaniyang mga damit; at siya'y kumuha ng isang toalya, at ibinigkis sa kaniyang sarili. 5 Nang magkagayo'y nagsalin ng tubig sa kamaw, at pinasimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad, at kinuskos ng toalya na sa kaniya'y nakabigkis. 6 Sa gayo'y lumapit siya kay Simon Pedro. Sinabi niya sa kaniya, Panginoon, huhugasan mo baga ang aking mga paa?7 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Ang ginagawa ko'y hindi mo nalalaman ngayon; datapuwa't mauunawa mo pagkatapos. 8 Sinabi sa kaniya ni Pedro, Huwag mong huhugasan ang aking mga paa kailan man. Sinagot siya ni Jesus, Kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa akin. 9 Sinabi sa kaniya ni Simon Pedro, Panginoon, hindi ang aking mga paa lamang, kundi pati ng aking mga kamay at ang aking ulo. 10 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ang napaliguan na ay walang kailangang hugasan maliban ang kaniyang mga paa, sapagka't malinis nang lubos: at kayo'y malilinis na, nguni't hindi ang lahat. 11 Sapagka't nalalaman niya ang sa kaniya'y magkakanulo; kaya't sinabi niya, Hindi kayong lahat ay malilinis. 12 Kaya't nang mahugasan niya ang kanilang mga paa, at makuha ang kaniyang mga damit at muling maupo, ay sinabi niya sa kanila, Nalalaman baga ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo? 13 Tinatawag ninyo akong Guro, at Panginoon: at mabuti ang inyong sinasabi; sapagka't ako nga. 14 Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa. 15 Sapagka't kayo'y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo. 16 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon; ni ang sinugo man ay dakila kay sa nagsugo sa kaniya. 17 Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito, kayo ay mapapalad kung inyong mga gawin." (Juan 13:1-17 KJV)***

Ang paghuhugas ng paa iyon ay naroroon na mula noong unang panahon; sa pagdating mga panauhin sa bahay pararangalan nila siya at ipapakita sa kanila ang kagandahang loob sa paghuhugas ng kanyang mga paa, upang maginhawaan ang kanyang pakiramdam pagkatapos niyang mapagod sa kanyang paglalakbay, at maaliw pagkatapos mahugasan ang kanyang mga paa at maging malinis. Nang ang Panginoon ay dumalaw kay Abraham; inialok Siya ng tubig upang hugasan ang Kanyang paa, gaya ng mababasa natin sa sinabi ni Abraham sa Panginoon, ***"4 Itulot mong dalhan kayo rito ng kaunting tubig, at maghugas kayo ng inyong mga paa, at mangagpahinga kayo sa lilim ng kahoy." (Genesis 18:4 KJV)*** Ang paghuhugas ng mga paa ay tanda rin ng kabanalan at paglilinis gaya ng mababasa natin sa iniutos ng Dios kay Moises na gawin sa mga seserdote na papasok sa paglilingkod, ***"21 Gayon sila maghuhugas ng kanilang mga kamay at ng kanilang mga paa upang huwag silang mamatay: at magiging isang palatuntunan magpakailan man sa kanila, sa kaniya at sa kaniyang binhi, sa buong panahon ng kanilang mga lahi." (Exodu 30:21)*** Sa dalawang halimbawang ito makikita natin ang mga tao ay maghuhugas ng kanilang sariling mga paa.

Si Abigail nang ipinakuha siya ni David para maging kanyang asawa, ating basahin ang kanyang sinabi sa kanyang lingkod, ***"41 At siya'y bumangon at nagpatirapa sa lupa, at nagsabi, Narito, ang iyong lingkod ay isang aba upang maghugas ng mga paa ng mga lingkod ng aking panginoon." (1 Samuel 25:41 KJV)*** Siya'y handang maghugas ng mga paa ng kanyang mga lingkod, nangangahulugang na siya ay handang maglingkod sa kanyang mga lingkod at maging isang mabuting asawa sa kanya. Kaya dito ang paghuhugas ng paa ay kababaang loob at paglilingkod.

Sa Bagong Tipan makikita natin ang Panginoong JesuCrsito mismo ang naghugas sa mga paa ng Kanyang mga sariling alagad. Ang paghuhugas ng mga paa ng isa't isa ito ay may malalim na kahulugan at hindi lamang bagay na tanda. Si Jesus ay may layunin sa paggawa nito at nais Niyang gawin natin ito para sa tiyak na espirituwal na mga kadahilanan gaya ng iniutos Niya sa atin, ***"14 Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa." (Juan 13:14 KJV)***

Marami ang dumadaan sa masalimout at mga pagsubok na sinusubukang iniiwasang dumaan sa mga pagsubok, o magreklamo, o maghiganti upang lumihis mula sa pagdaan sa pagdurusa. Ngunit ating tingnan kung paanong pinagdaanan ni Jesus ang pagdurusa. Hinarap ni Jesus ang krus na may pananalangin at lubos na pagsuko ng Kanyang kalooban sa Dios at Siya ay pinangunahan na ihandog pa ang pagibig at paglilingkod sa Kanyang mga alagad sa pamamagitan ng paghuhugas ng kanilang mga paa. Kapag ikaw ay may pag uugali na tanggapin ang mga pagsubok na itinalaga ng Dios para sa iyo upang pagdaanan sa gayon ikaw ay pumaroon sa pananalangin, pagninikluhod, pagsuko ng iyong kalooban sa Dios at pagkakaloob ng iyong buhay at ng iyong puso sa Kanya, handang maging daluyan upang ibahagi ang Kanyang pagibig sa mga taong nakapalibot sa iyo, at sa mga alagad na inilagay ng Dios sa iyong buhay.

Ano ang mga kahulugan ng espirituwal ng paghuhugas ng mga paa at bakit iniutos ng Panginoon sa atin na gawin ito? O sa madaling salita, kapag ikaw ay malapit nang pumasok sa isang yugto ng pagdurusa, pagkatapos ay haharapin mo iyon sa mga sumusunod:

***1. Ibigin at ipakita ang buong lawak ng pagibig: "1 Bago nga magpista ng paskua, sa pagkaalam ni Jesus na dumating na ang kaniyang oras ng paglipat niya mula sa sanglibutang ito hanggang sa Ama, sa pagkaibig sa mga kaniya na nangasa sanglibutan, ay inibig niya sila hanggang sa katapusan." (Juan 13:1 KJV)*** Handang ibigay ni Jesus ang Kanyang buhay para sa Kanyang sarili. Palaging pag ibig ang tamang saloobin sa Diyos at sa Kanyang misyon sa lupa. Ang pag ibig ang mag aakay sa iyo na gawin ang tamang bagay sa pagharap sa mga pagsubok. Kaya nga sinasabi sa atin ng Salita ng Diyos ang mga sumusunod: ***"37 At sinabi sa kaniya, Ibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. 38 Ito ang dakila at pangunang utos. 39 At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili." (Mateo 22:37-39 KJV)*** Ang dapat katulad para sa atin; gaya ng paghuhugas ng isa't isang mga paa dapat tayong maging handa na ihandog ang pagibig na pagsasakripisyo para sa isa't isa: ***"Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan." (Juan 15:13 KJV)***

***2. Ito'y sumasalamin sa ating pagsunod sa halimbawa ni Cristo: "14 Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa." (Juan 13:14 KJV)*** Kailangan nating sumunod kay Cristo sa ganitong direksyon hindi lamang sa paggawa ng ganitong paggawa ng paghuhugas ng mga paa ng isa't isa kundi isagawa din ang mga kahulugan nito sa ating buhay; upang tanggapin, na ibigin, upang magpakumbaba, upang maglingkod, upang magturo, upang magtuwid, upang magpayo, at itatag ang bawat isa.

***3. Dahil dito ay lumalago ang diwa ng pagpapakumbaba:*** Napakahirap na maging mapagmataas at mayabang kapag ikaw ay kasangkot sa isang kaukulang gawain. Ang paghuhugas ng mga paa ng bawat tao ay hindi madaling tanggapin; ang tao na gagawa niyan ay kailangang mapagkumbaba; kapag siya'y nasangkot sa gayong gawain ay nararapat niyang ipakumbaba ang kanyang sarili sa harapan ng Dios. Ang Salita ng Dios ay itinuturo sa atin ang sumusunod, ***"12 Mangagbihis nga kayo gaya ng mga hinirang ng Dios, na mga banal at minamahal, ng isang pusong mahabagin, ng kagandahangloob, ng kababaan, ng kaamuan, ng pagpapahinuhod:" (Colosas 3:12 KJV)*** Upang maging tunay na bayan ng Dios ang kababang loob ay dapat naroon. Sinasalungat ng Dios ang mapagmataas ngunit ibinibigay Niya ang biyaya sa mapagkumbaba. Nais ng Dios na tayo'y magpakumbaba dahil ang mabubuting gawa ay maaring magawa lamang kung dala dala natin ang kababaang loob sa ating buhay. Gayundin kung ikaw ay mapagkumbaba, sa gayon tuturuan ka ng Dios kung anong gagawin sa masalimout na panahon ng mga pagsubok.

***4. Pagkilos at walang pagsagot: "2 At habang humahapon, nang mailagay na ng diablo sa puso ni Judas Iscariote, na anak ni Simon, ang pagkakanulo sa kaniya." (Juan 13:2 KJV)*** Maging si Judas ay ipinagkanulo si Jesus at sinaktan Siya ngunit si Jesus ay hindi naghiganti at nagisip na makakasakit sa kanya. Sa halip Siya ay puspos ng pagibig ng Dios, at handang ihandog ang paglilingkod sa Dios. Huwag magisip na manakit kundi gumawa ng isang bagay na magdadala ng pagibig ng Dios at paglilingkod sa iba na nakapalibot sa iyo at sa mga taong nasa ilalim ng iyong pangangalaga at ministerio. Kailangan mong malampasan ang galit. ***"1 Aking sinabi, ako'y magiingat sa aking mga lakad, upang huwag akong magkasala ng aking dila: aking iingatan ang aking dila ng paningkaw, samantalang ang masama ay nasa harap ko. 2 Ako'y napipi ng pagtahimik, ako'y tumahimik pati sa mabuti; at ang aking kalungkutan ay lumubha. 3 Ang aking puso ay mainit sa loob ko; habang ako'y nagbubulaybulay ay nagalab ang apoy: nang magkagayo'y nagsalita ako ng aking dila:" (Awit 39:1-3 KJV)*** Mayroon masasamang tao na nakapaliboy kay David gaya ni Judas na nasa palibot ni Jesus, ngunit si David nang ninais niyang sumigaw hindi niya ibinukas ang kanyang bibig at nagbulong bulong sa tao kundi sa Dios, ***"4 Panginoon, ipakilala mo sa akin ang aking wakas, at ang sukat ng aking mga kaarawan, kung ano; ipakilala mo sa akin kung gaano kahina ako." (Awit 39:4 KJV)*** Si Jesus ay hindi yumaon at labanan si Judas. Gawin din ang katulad sa mga taong lumulusob sa iyo, magkaroon ng pagpipigil sa sarili, idalangin sila at maging mahinahon at maghintay sa Dios na pamahalaan sila at ipagtanggol ka. ***"1 Huwag kang mabalisa dahil sa mga manggagawa ng kasamaan, ni managhili ka man sa kanila na nagsisigawa ng kalikuan. 7 Ikaw ay magpahinga sa Panginoon, at maghintay kang may pagtitiis sa kaniya: huwag kang mabalisa ng dahil sa kaniya na gumiginhawa sa kaniyang lakad, dahil sa lalake na nagpapangyari ng mga masamang katha. 8 Maglikat ka ng pagkagalit, at bayaan mo ang poot: huwag kang mabalisa, iya'y maghahatid lamang sa paggawa ng kasamaan.9 Sapagka't ang mga manggagawa ng kasamaan ay mangahihiwalay: nguni't yaong nagsipaghintay sa Panginoon, ay mangagmamana sila ng lupain." (Awit 37:1,7-9)***

***5. Magkaroon ng kaunawaan: "3 Si Jesus, sa pagkatalastas na ibinigay na ng Ama ang lahat ng mga bagay sa kaniyang mga kamay, at siya'y nanggaling sa Dios, at sa Dios din paroroon," (Juan 13:3)*** Batid ni Jesus kung saan Siya nagmula at kung saan Siya paroroon. Ang katulad sa iyo, dapat mong malaman kung saan ka

kinuha ng Dios at saan ka Niya dadalhin; sa Langit. Dapat mo din maunawaan na tinawag ka ng Dios at ikaw ang tao na kailangan mong tumalima sa kalooban ng Dios.

***6. Magkaroon ng kahandaan: "4 Ay nagtindig sa paghapon, at itinabi ang kaniyang mga damit; at siya'y kumuha ng isang toalya, at ibinigkis sa kaniyang sarili." (Juan 13:4)*** Maluwag sa loob at kusang-loob na bumangon si Jesus mula sa hapunan. Paglingkuran ang Diyos at gawin ito nang kusang-loob at masaya! Magpakumbaba, at gawin ito nang kusang-loob tulad ng ginawa ni Jesus; Nagpakumbaba Siya at tinanggap ang krus at walang sinuman ang pumilit sa Kanya. ***"8 At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus." (Filipos 2:8 KJV)*** Si Jesus nang siya'y tumayo mula sa dulang ang dulang na puno ng masasarap na pagkain, ngunit handa niyang iwanan ang maginhawang lugar upang maglingkod sa mga tao na itinalaga ng Dios sa Kanya na alagaan. Nagkusa Siya at naging mabuting halimbawa para sa atin, * Ang katulad para sa iyo, kung nais mong maglingkod sa Dios kailangan mong iwanan ang pagkain, dulang, karapatan, posisyon, masasarap na pagkain, kapistahan at kasiyahan ng sanglibutang ito at magkusa at gawin gaya ng ginawa ng ating Panginoon. * Ang Banal na Espíritu ay hindi papanig sa mga karapatan, posisyon, o katanyagan, kundi sa iyong kagustuhang gamitin bilang daluyan ng mga pagpapala upang maiparating ang pagibig sa iba. Maging handa na iwan ang iyong kayamanan at anumang karangalan na mayroon ka at maging handa na magpakumbaba upang abutin ang mga tao na nasa kalagayan na mas mababa pa sa iyo. ***"16 Mangagkaisa kayo ng pagiisip. Huwag ninyong ilagak ang inyong pagiisip sa mga bagay na kapalaluan, kundi makiayon kayo sa mga bagay na may kapakumbabaan. Huwag kayong mga pantas sa inyong sariling mga haka." (Roma 12:16 KJV)***

Ang paghuhugas ng mga paa ito'y nagangahulugang hinaharap ang dumi, alikabok, at putik, na nakatago sa pagitan ng mga daliri, at nangangahulugan ito ng paglilinis ng dako na madumi sa paggamit ng ating mga kamay upang kuskusin at ipanlinis ang tubig. Sa Espiritu, ang paghuhugas ng mga paa ay paghahandog ng paglilingkod upang linisin mula sa kasalanan (pagpapabanal). Kailangang gawin natin ang lahat ng iyon sa abot ng lahat ng ating makakakaya upang papagbaliking loob ang mga tao at dalhin sila kay Cristo, ***"19 Mga kapatid ko, kung ang sinoman sa inyo ay nalilihis sa katotohanan, at siya'y papagbaliking loob ng sinoman; 20 Ay alamin nito na ang nagpapabalik-loob ng isang makasalanan, mula sa kamalian ng lakad niya ay magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan, at magtatakip ng karamihang kasalanan." (Santiago 5:19-20 KJV)*** Sa paggamit ng mga kamay ay nangangahulugang pananalingin at pagpapatong ng kamay na magdadala ng kagalingan sa mga sugat ng mga tao. Ang pagpapatong ng kamay, ay nangangahulugang pagpapalayas ng demonyo na naninirahan sa mga tao, na nagbibigay ng mapang hahawakan sa kanila na mabuhay doon. Dapat mong malaman na ang iyong pagibig sa nawawala at ang iyong paglilingkod ay tutulong sa mga ato na mapalaya mula sa mga demonyo. Ang tubig ay ang Salita ng Dios gaya ng mababasa natin dito, ***"26 Upang kaniyang pakabanalin ito, na nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may salita," (Epeso 5:26 KJV)*** Gamitin ang Salita ng Dios upang payuhan ang mga tao; ang Salita ng Dios ay nagpapagaling at naglilinis, Ang Salita ng Dios ay gamot, Minsan kapag inilagay mo ang iyong gamot sa sugat ito ay magdudulot ng sakit kaya kailangan mong maging maingat at banayad upang gamitin ang Salita ng Dios sa mga tao. Ang paghuhugas ng mga paa ay nagdadala ng kaginhawaan sa mga naglalakbay ng mahabang paglalakbay. At tayo ay tinawag upang dalhin ang Salita ng Dios at ang mensahe na magdadala ng kagalakan, pag asa, muling pagkabuhay at pagpapanumbalik sa buhay ng mga tao.

***7. Gawin ang kumpletong gawain: "at kinuskos ng toalya na sa kaniya'y nakabigkis." (Juan 13:5 KJV)*** Bakit pinunasan ni Jesus ang kanilang mga paa matapos niyang hugasan ang mga ito, sa gayo'y hindi sila mabasa sapagkat kung sila ay basa, ang mga ito ay makakakuha ng alikabok kapag inilapat nila ang mga ito sa lupa. Sa paglilingkod sa Dios dapat nating gawin ang kumpletong ministeryo at tapusin nang maayos ang ating mga atas.

Nang hinuhugasan ng Panginoon ang mga paa ng mga alagad ay tinatrato Niya ang buong 12 apostol. Ganoon din sa atin dapat nating gawin at ipakita ang pagibig ng Diyos sa lahat ng taong inilagay ng Diyos sa ating pangangalaga. Kahit sa mga taong tulad ni Judas kailangan lang nating gawin ang ating bahagi at ipagdasal na sila ay magsisi at tumugon sa pagibig at pangangalaga ng Diyos.

Nang lumapit ang Panginoon kay Simon Pedro upang hugasan ang kanyang mga paa hindi naunawaan ni Pedro ang kahulugan nito, ***"6 Sa gayo'y lumapit siya kay Simon Pedro. Sinabi niya sa kaniya, Panginoon, huhugasan mo baga ang aking mga paa ? 7 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Ang ginagawa ko'y hindi mo nalalaman ngayon; datapuwa't mauunawa mo pagkatapos. 8 Sinabi sa kaniya ni Pedro, Huwag mong huhugasan ang aking mga paa kailan man. Sinagot siya ni Jesus, Kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa akin.'' (Juan 13 :6-8 KJV)*** Si Simon Pedro ay hindi na handa na ang Panginoon ang maghugas sa kanyang mga paa, ngunit pagkatapos ay ipinaliwanag ni Jesus sa kanya na iyon ay kinakialangan, ***''8 Sinabi sa kaniya ni Pedro, Huwag mong huhugasan ang aking mga paa kailan man. Sinagot siya ni Jesus, Kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa akin.'' (Juan 13 :8 KJV)*** Pagkatapos ***''9 Sinabi sa kaniya ni Simon Pedro, Panginoon, hindi ang aking mga paa lamang, kundi pati ng aking mga kamay at ang aking ulo.'' (Juan 13 :9 KJV)*** Ito ay maayos na ipinaliwanag kay

Pedro; na tanggapin at sumang ayon sa sinabi ni Jesus at gawin ito ; ibig sabihin si Pedro ay magiging kabahagi ni Jesus. Upang tanggapin at sumunod sa ginawa ni Jesus ibig sabihin dalhin ang ang Kanyang parehong pag iisip at saloobin, at ipagpatuloy ang Kanyang misyon. Kusang loob na dapat magkaroon tayo ng mahabaging puso at ang pagibig ni Jesus sa mga nawawala at gawin ang nais ni Jesus na gawin natin upang abutin sila at idisipolo sila.

Naunawaan ng Panginoon na maaaring hindi lubos na maunawaan ang Kanyang ginagawa gaya ng Kanyang sinabi sa kanila, ***''Nalalaman baga ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo?'' (Juan 13 :12 KJV)*** Ang punto na kailangan bigyang diin natin na ang mga tao o mga alagad na nasa ilalim ng ating pangangalga ay maaring hindi maintindihan o maunawaan kung anong ang ating sinasabi o ginagawa, para ganoong kadahilanan sa gayon kailangan nating maging mahinahon at magsaalang alang hanggang sila'y maging ganap at makayang tunawin ang Salita ng Dios at ating mga pagkilos.

Nang napagtanto ni Pedro ang kahalagahan para sa kanya na ang Panginoong Jesus ang dapat maghugas ng kanyang mga paa sinabi niya, ***''Sinabi sa kaniya ni Simon Pedro, Panginoon, hindi ang aking mga paa lamang, kundi pati ng aking mga kamay at ang aking ulo.'' (Juan 13 :9 KJV)*** Ngunit sumagot si Jesus nang ganito, ***''10 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ang napaliguan na ay walang kailangang hugasan maliban ang kaniyang mga paa, sapagka't malinis nang lubos: at kayo'y malilinis na, nguni't hindi ang lahat.'' (Juan 13 :10 KJV)*** Hiniling ni Pedro ang hindi kinakailangang bagay, at mula sa sagot ni Jesus matutunan natin ang sumusunod :-

**A.** Ang simbahan ay hindi dapat gumawa ng hindi kinakailangang bagay at pagsasayang ng mga mapagkukunan nang walang pag aambag ng anumang bagay sa tunay na kailangan ng mga tao. Ang mga simbahan sa ngayon ay mayroong maraming kaganapan at programa ngunit ang pangunahing kailangan at kasalanan ng mga tao at pagdurusa ay hindi natutugunan. Ang simbahan ay dapat may kaunawaan at kumilos nang may kaunawaan ; hindi sa pagbibigay ng hindi kinakailangang mga bagay kundi upang hugasan ang mga paa at linisin ang maduming mga bahagi.

**B. *** Ang Simbahan at ang mga alagad ni Cristo at manggagawa ay dapat magkaroon ng lakas ng loob at ang kagustuhang magdusa upang matugunan ang kailangan ng mga tao at tulungan sila at palayain sila. * Ang simbahan ay hindi dapat kaligtaan ang mga sugat kundi hipuin ang mga ito ng Salita ng Dios upang linisin ang mga ito, upang pakalmahin at aliwin upang gumaling.

* Ang pagsasalita tungkol sa paghuhugas ng mga paa ay ang paggawa ng isang bagay na nagkakahalaga sa iyo upang iwanan ang iyong lugar ng kaginhawahan at ang iyong mga pribilehiyo at magdusa para sa kapakanan na ang iba ay makakakuha ng benepisyo ng pagkilala kay Cristo at pagsunod sa Kanya. * Madalas ang gayong paglilingkod nang may pagdurusa ay maaring hindi makilala ng iba o maaring hindi pahalagahan ng iba, ngunit hindi dapat iyon ang makapagpahinang dahilan para sa iyo. Sa halip magtiis at manindigan ; mahikayat ng Salita ng Dios, ***''15 Kung sasabihin ng paa, Sapagka't hindi ako kamay, ay hindi ako sa katawan; hindi nga dahil dito'y hindi sa katawan. 22 Hindi, kundi lalo pang kailangan yaong mga sangkap ng katawan na wari'y lalong mahihina : At yaong mga sangkap ng katawan, na inaakala nating kakaunti ang kapurihan, sa mga ito ipinagkakaloob natin ang lalong saganang papuri; at ang mga sangkap nating mga pangit ay siyang may lalong saganang kagandahan ; 24 Yamang ang mga sangkap nating magaganda ay walang kailangan: datapuwa't hinusay ng Dios ang katawan na binigyan ng lalong saganang puri yaong sangkap na may kakulangan;'' (1 Corinto 12 :15, 22-24 KJV)*** Ang iyong ministerio ay mahalaga. Ang iba ay maaring may mas malaking pagkakamit kaysa sa iyo, ngunit ang ginagwa mo ay hindi nila kayang gawin. Kaya sumulong at papuri sa Dios at pahalagahan ang pagdurusa na ikaw ay naroroon; sapagkat ikaw ay magdadala ng bunga na hangad at itatangi ng Dios.

***Sa aking Mahal at Minamahal :*** Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin ng sumusunod : ***''4 Nguni't aking sinabi, Ako'y gumawang walang kabuluhan, aking ginugol ang aking lakas sa wala, at sa walang kabuluhan; gayon ma'y tunay na ang kahatulan sa akin ay nasa Panginoon, at ang kagantihan sa akin ay nasa aking Dios.'' (Isaias 49 :4 KJV) **** Walang sinuman ang kayang magpala sa iyo para sa iyong paglilingkod sa Kanya. Ang mga hindi pumapansin sa iyo at hindi ka pinapahalagahan, alalahanin, maging ang mag ito ay wala sa kanilang mga kamay upang gantimpalaan ka. Maging sila ay hindi nila kayang gantimpalaan ang kanilang sarili. Gagantimpalaan ka ng Dios para sa iyong pagpapagal at gagantimpalaan Niya ang lahat ayon sa kaniyang ginawa. * Kaya nga sumulong ka at maglingkod sa Kanya. Umalis sa maginhawang dako at bumangon mula sa dulang at mga karapatan na hindi nagdudulot ng kaluwalhatian sa Diyos at simulang hugasan ang mga paa ng mga tao at paglingkuran sila. Magpatuloy sa pangunguna Ng Banal na Espiritu at tagubilin ng Kanyang Salita na maabot ang mga nawawala, sugatan at nasugatan at tulungan sila sa Salita ng Diyos at iabot ang iyong mga kamay sa kanila, paglingkuran sila at hugasan ang kanilang mga paa, at gaya ng nasusulat sa ***Isaias 35 :4, ''4 Inyong sabihin sa kanila na matatakuting puso, Kayo'y mangagpakatapang, huwag kayong***

***mangatakot: narito, ang inyong Dios ay pariritong may panghihiganti, may kagantihan ng Dios; siya'y paririto at ililigtas kayo.'' (Isaias 35 :4 KJV)***

Ipangako ang iyong sarili na mamuhay ayon sa Salita ng Dios sa mensaheng ito, upang ibigin ang Dios at ang iba at paglingkuran sila, upang magpakumbaba, handang magdusa para sa iba at handang hugasan ang mga paa ng ibang mga tao. Maging handa na gawin ang kinakailangan, paggawa ng kumpleto at perpektong gawain; upang patawarin at huwag maghiganti, na maging handa na iwanan ang mga karapatan, dulang, piging at ang maginhawang dako upang paglingkuran ang Dios sa pag abot sa iba para kay Cristo, upang paglingkuran sila, upang linisin sila mula sa mga kasalanan, upang hugasan sila ng Kanyang Salita, upang ipatong ang mga kamay sa kanila, pagalingin sila, upang palayasin ang mga demonyo, upang tulungan sila na maunawaan ang kalooban ng Dios, upang magtakda ng isang mabuting halimbawa sa iba sa kababaang loob, pagibig at paglilingkod.

Talikuran ngayon ang iyong mga kasalanan. Talikuran ang pagmamataas, galit, walang pagpapatawad, hindi handang magdusa, at hindi handang maglingkod sa Dios sa paglilingkod sa iba. Talikuran ang iyong pagibig para sa mga dulang at piging, posisyon at karapatan. Talikuran ang iyong pagkamakasarili at ang iyong masamang halimbawa sa iba na nakapalibot sa iyo. Panginoon ako'y nagsisisi, patawarin mo ako. Tinatalikdan ko ang sumusunod na mga kasalanan ___________.

Panginoon handa kong patawarin ang sumusunod na mga tao at simulang paglingkuran sila ____.

Panginoon ipinangako ko ngayon ang aking buhay upang paglingkuran ka at simulang gawin ang iyong kalooban at ang iyong mabuting plano sa aking buhay. Panginoon handa kong iwan ang aking maginhawang lugar at sumulong upang gawin ang misyong gawaing ito________________, kusang loob at sa pagibig upang magtakda ng isang mabuting halimbawa sa iba upang sundan at gawin ang katulad.

Sinabi ni Jesus, ***''17 Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito, kayo ay mapapalad kung inyong mga gawin." (Juan 13:1-17 KJV)***

Simulan natin ngayo na hugasan ang mga paa ng isa't isa at magalak…..

Habang kumakanta, nagpupuri at nanalangin sa Dios, makibahagi ngayon sa aktwal na paghuhugas ng mga paa ng isa't isa ....

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.*

*Panginoon salamat para sa Iyong Salita na nagturo sa akin tungkol sa tuntunin ng paghuhugas ng mga paa, at kung paanong paglingkuran ka sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na mabuhay sa kabanalanan, malayo sa kasalanan, na patawarin ang mga nanakit sa amin, at magparami ng higit na bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kapayapaan, kaamuhan, kabutihan, kahinahunan, pagtitiis, mahabang pagtitiis, pagpipigil sa sarili at kababaang loob upang magtakda ng isang mabuting halimbawa sa iba na makita nila si Cristo sa atin.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nangsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay sa iyo na magpatuloy at paglikuran ka at gawin ang misyong gawain na ipinagkatiwala sa kanila. Panginoon protektahan sila at ilaan ang para sa kanila upang patuloy na paglingkuran ka.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming ipatupad nang ganap ang iyong Salita na aming natutunan sa mensaheng ito sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon puspusin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu, at ng iyong pagibig sa gayo'y makasulong kami at gawin ang misyong gawain na ipinagkatiwala sa amin na gawin. Panginoon pangunahan kaming mag evangelio at abutin ang bagong mga tao at paglingkuran sila, at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang mga bagong mga manggagawa, magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon patnubayan kaming mga tagapagbigay ng serbisyo, at mahabagin; paglilingkod at pagmamahal sa mga tao na aming inabot. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos', Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang paghuhugas ng mga paa. Juan 13:1-17. Genesis 18:4. Exodo 30:21. 1 Samuel 25:41. Mateo 22:37-39. Colosas 3:12. Mga Awit 39:1-4. Mga Awit 37:1, 7-9. Mga Taga Filipos 2:8. Mga Taga Roma 12:16. Santiago 5:19-20. Efeso 5:26. 1 Corinto 12:15, 22-24. Isaias 49:4. Isaias 35:4.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com